Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-PITONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG HUWEBES, IKA-15 NG PEBRERO, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUPITO B. ALGABRE - Kagawad
3. Kgg. PAULINO V. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
4. Kgg. LAUDEMER A. CARLA - Kagawad
5. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
6. Kgg. ERIC T. PUZON - Kagawad
7. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA - Kagawad
8. Kgg. MARCELITO S. LASERNA - Kagawad
9. Kgg. RAUL P. AALA - Kagawad
10. Kgg. ARIES A. ALCABASA - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

OFFICE OF THE VICE MAYOR
BY:
DATE/TIME: May 16, 2003
SANTA ROSA, LAGUNA

Di-Dumalo:

1. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

APPROVED
RESOLUTION No. 317 J-2001
PROVINCIAL BOARD
JUNE 27, 2001

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1046-2001

(Akda at mungkahi ni Kag. Algabre na pinangalawahan ni Kag. Bustamante)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATADHANA NG PAGBABAWAL SA SINUMANG MAY-ARI O TAGAPAG-UNLAD NG SUBDIBISYON NA MANINGIL NG ANUMANG HALAGA PARA SA KARAPATANG PAGGAMIT NG MGA LANSANGAN O ANUMANG KAPAKINABANGANG PAMPAMAYANAN SA LOOB NG PRIBADONG SUBDIBISYON SA BAYAN NG SANTA ROSA AT NAGTATAKDA NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA SINUMANG LALABAG DITO.

SAPAGKA'T, alinsunod sa itinatadhana ng Kagawaran ng Pabahay *(National Housing Authority) Section 31 of P.D. 957* tungkulin ng bawa't may-ari ng subdibisyon o tagapag-unlad nito na maglaan ng mga daan o kalsada, bakanteng lote, daanglakao para sa pampublikong gamit nito;

SAPAGKA'T, alinsunod sa umiiral na batas, Seksiyon 27 ng PD 957- *"Other Charges. – No owner or developer shall levy upon any lot or unit buyer a fee for an alleged community benefit. Fees to finance services for common comfort, security and sanitation may be collected only by a properly organized homeowners association and only with the consent of a majority of the lot or unit buyers actually residing in the subdivision or condominium project"*;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SAPAGKA'T, karapatan ng sinumang mamamayang residente ng subdibisyong pribado na magamit ang mga laang kalsada o lansangan, bakanteng lote na walang anumang bayarin sa paggamit nito;

SAPAGKA'T, sa ilalim ng umiiral na batas ng *Sec. 447 pa. (a)(5)(v) Republic Act 7160* na binibigyan ng kapangyarihan ang Sangguniang Bayan na magpasa o magtibay ng Kautusang Bayan na mamahala sa paggamit ng mga lansangan, makitid na daan, kalsada o bakanteng lote at iba pang pampublikong lugar at pagpapatibay sa mga pagpapagawa at pagpapaayos ng mga ito.

SAPAGKA'T, bukod sa itinatadhana ng batas na ang mga may-ari ng subdibisyon o tagapag-unlad nito na mangolekta ng anumang bayarin sa pribado at pampublikong sasakyan kapalit ng pagdaan o paggamit ng lansangan o anumang kapakinabangang pampamayanan sa loob ng subdibisyon;

SAPAGKA'T, ang Punong-bayan ang siyang binigyan ng tungkulin at kapangyarihan sa ilalim ng *Seksiyon 444 (b)(2) ng Local Government Code of 1991* na magpatupad ng lahat ng batas pambayan;

NGAYON SAMAKATUWID, ng dahil sa isang mungkahing pinangalawahan ay IPINASIYA ang mga sumusunod na tadhanain:

Artikulo I
PAMAGAT

Ang Kautusang Bayan na nagtatadhana ng pagbabawal sa sinumang may-ari o tagapag-unlad ng subdibisyon na maningil ng anumang halaga para sa karapatang paggamit ng mga lansangan o anumang kapakinabangang pampamayanan sa loob ng pribadong subdibisyon sa bayan ng Santa Rosa at nagtatakda ng kaukulang kaparusahan sa sinumang lalabag dito.

Artikulo II
LAYUNIN

A. Layunin ng Kautusang Bayang ito na maipabatid sa publiko ang legal na paggamit ng lansangan sa loob ng pribadong subdibisyon.

B. Maipabatid sa mga may-ari ng subdibisyon o tagapag-unlad ng subdibisyon ang hangganan ng kanilang karapatan at kapananagutan sa operasyon ng kanilang subdibisyon.

K. Atasan ang mga may-ari ng subdibisyon o tagapag-unlad nito na tupdin ang mga alituntuning isinasaad sa *P.D. No. 1216* na sinususugan ng *P.D. 957* na ang mga may-ari o tagapag-unlad ng subdibisyon ay inaatasang maglaan ng mga lansangan, bakanteng lote, nangangahulugan ng tanging inilalaan sa pagpapagawa ng parke, palaruan, eskwelahan, Health Center, sambahan, Barangay Center at mga kauri nito.

Artikulo III
MGA KAHULUGAN NG MGA TERMINO O SALITA

A. **PROYEKTONG PRIBADONG SUBDIBISYON** – parsela ng lupang rehistrado na hinati o sinukat para sa indibiduwal na lote upang mapagtayuan ng bahay o wala mang pagpapaunlad nito na ipinagbibili, maging ito ay bayad o hulugan.

B. **BAKANTENG LOTE (OPEN SPACE)** –ay itinuturing na reserbadong lupain na gamit para sa parke, palaruan, libangan, eskwelahan, health center, barangay center at mga kauri nito.

K. **LANSANGAN** – ay nangangahulugang makitid na daan, kalsada, gutter & sewerage.

D. **PRIBADO AT PAMPUBLIKONG SASAKYAN** – lahat ng uri ng sasakyan na may makina tulad ng jeep, truck, kotse, tricycle at mga kauri na ginagamit bilang pribado o pampubliko.

Artikulo IV
PAGLABAG AT KAUKULANG PARUSA

Ang sinumang may-ari o tagapag-unlad ng buong subdibisyon na napatunayang lumabag sa anumang probisyon ng Kautusang Bayang ito ay papatawan ng mga halagang P 2,500.00 sa kaniyang paglabag at pagbawi at suspensiyon ng kanyang *Business permit* o batay sa desisyon ng Korte.

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Artikulo V

Ang lahat ng ordinansa o resolusyong ito na hindi naangkop sa anumang probisyon ng resolusyong ito ay ituturing na bago na, naituring rin na baguhin sa tamang paraan. (Kung sa anumang kadahilanan, ang Kautusang Bayang ito ay labag sa batas at walang bisa sa bahagi ng probisyon ng Kautusang Bayang ito, ang ibang bahagi o probisyon nito na hindi naaapektuhan ay itutuloy at ipatutupad ng buong bisa at lakas).

Artikulo VI

Ang Kautusang Bayang ito ay ipatutupad matapos na ito ay mailathala sa mga pahayagan at maipaskil sa mga hayag na lugar sa bayan ng Santa Rosa sa loob ng tatlong (3) linggo.

Artikulo VII

Hinihiling na mapadalhan ng sipi ng Kautusang Bayang ito ang lahat ng Punong-barangay at mga Pangulo ng bawa't subdibisyon sa bayan ng Santa Rosa.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

(Lgd) **O. RAMON L. LIJAUCO**
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

LEON C. ARCILLAS
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-7 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-15 ng Pebrero, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim